

Urinary tract infections

Kilala rin bilang mga UTI

Ang urinary tract infections (UTIs) ay dulot ng mga microorganism (karaniwang bacteria) na nagiging sanhi ng impeksyon sa pantog at iba pang bahagi ng urinary tract (tulad ng mga bato)

MGA MABILISANG KAALAMAN

- Hindi itinuturing na STI ang mga UTI
- Pinakakaraniwang mga sintomas ang paghapdi kapag umihi at madalas na pag-ihi nang kaunti
- Natutukoy ang mga UTI nang walang anumang pagsusuri ngunit mainam na magpadla ng sample ng ihi sa isang laboratoryo para masuri
- Paminsan-misan, maaaring banayad ang mga UTI at gagaling nang hindi umiinom ng mga antibiotic ngunit karaniwan ay kailangan ng mga antibiotic

Ano ito? (What is this?)

Ang mga UTI ay mga impeksyon ng bacteria sa urinary tract, na karaniwang sangkot ang pantog. Dulot ito ng bacteria mula sa bituka o balat ng ari na pumapasok sa urethra at kumakalat sa pantog o sa mas bihirang kaso, sa mga bato. Tinatawag na cystitis ang mga impeksyon sa pantog.

Madalas na nagkakaroon ng mga UTI ang mga babae, dahil napakaikli ng kanilang urethra at mas madaling nakapasok sa pantog ang bacteria, minsan ay mula sa ari.

Hindi itinuturing na STI ang mga UTI.

Ano ang mga sintomas? (What are the symptoms?)

Pinakakaraniwang mga sintomas ang paghapdi kapag umihi at madalas na pag-ihi nang kaunti.

Maaaring may amoy ang ihi at may dugo. Maaaring kabilang sa mga karagdagang sintomas ang lagnat at pananakit ng likod (sa itaas ng bahagi kung nasaan ang mga bato).

Paano ka masusuri para dito? (How do you test for it?)

Matutukoy ang mga UTI nang walang anumang pagsusuri, ngunit karaniwang kinokolekta para kumpirmahin ang diagnosis.

Ang iba pang impeksyon tulad ng chlamydia ay nagdudulot ng kaparehong mga sintomas at maaaring mapagkamalang UTI.



Alamin pa ang tungkol sa chlamydia sa **StaySTIFree** (staystifree.org.au)

Paano ito ginagamot? (How is it treated?)

Banayad ang ilang UTI at hindi nangangailangan ng antibiotic na gamutan. Maaaring gumamit ng mga simpleng hakbang para mabawasan ang mga sintomas, tulad ng paggamit ng Ural® (mabibili nang walang reseta sa mga botika) at pag-inom ng maraming tubig.

Inirereseta ang mga antibiotic kapag nagpatuloy ito o may katamtaman hanggang malalang mga sintomas, Madalas na sinisimulan ang mga antibiotic batay sa mga sintomas bago ilabas ang mga resulta ng pagsusuri, o pareho.

Karaniwang nawawala ang mga sintomas sa loob ng 3 araw pagkatapos magsimula ng paggagamot.

Kung nagkaroon ng impeksyon ang mga bato, maaaring kailanganin mong magpagamot sa isang ospital gamit ang intravenous na mga antibiotic.

Paano ko poprotektahan ang aking sarili? (How can I protect myself?)

May ilang bagay kang magagawa para mapababa ang posibilidad na makakuha uti:

- uminom ng maraming tubig kada araw
- umihi pagkatapos makipagtalik

Kung isa kang karaniwang babae, kailangan mong punasan ang iyong ari mula sa harapan hanggang sa likuran (papunta sa puwet) pagkatapos mong magbanyo.

Kung pabalik-balik ang mga UTI, tiyakin na uminom ng maraming tubig at umihi bago at pagkatapos makipagtalik. Maaaring makatulong sa iyong mga sintomas ang mga gamot na walang reseta.

Paminsan-misan, ang mga pabalik-balik na UTI ay dulot ng problema sa estruktura ng mga bato. Dahil dito, kailangan mong kumonsulta sa iyong doktor na maaaring magrekomenda ng mga karagdagang pagsusuri tulad ng ultrasound scan.

Saan ako makakakuha ng tulong? (Where can I get help?)

- Bumisita sa iyong lokal na doktor
- Bumisita sa lokal na sentrong pangkalusugan sa iyong komunidad

Maghanap ng mga serbisyo sa sekswal na kalusugan sa **StaySTIFree** (staystifree.org.au)

PAGTANGGI (DISCLAIMER)

Ibinibigay ng fact sheet na ito ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa sekswal na kalusugan at hindi inilaan para palitan ang pangangailangang kumonsulta sa iyong doktor.

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa iyong kalusugan, dapat kang humingi ng payo sa iyong doktor.

Kung kailangan mo ng kagyat na pangangalaga, dapat kang pumunta sa pinakamalapit na Kagawaran sa Emerhensiya o tumawag sa 000.